# Dumating ang isang Arab [Naninirahan sa Disyerto],Umihi siya sa sulok ng Masjid,Itinaboy siya ng mga tao,Pinagbawalan sila ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At nang matapos siya sa pag-ihi,Ipinag-utos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-[na kumuha ng] tabo mula sa tubig,ibinuhus ito rito

Ayon kay Anas bin Mālik-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: (( Dumating ang isang Arab [Naninirahan sa Disyerto],Umihi siya sa sulok ng Masjid,Itinaboy siya ng mga tao,Pinagbawalan sila ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At nang matapos siya sa pag-ihi,Ipinag-utos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-[na kumuha ng] tabo mula sa tubig,ibinuhus ito rito))

[Tumpak.] [Napagkaisahan ang katumpakan.]

Kabilang sa kaugalian ng mga Arabo [Naninirahan sa Disyerto] ay ang pagiging Marahas at Mang-mang,dahil sa napag-iwanan sila sa pag-aaral sa anumang ibinaba ni Allah sa Sugo niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- Habang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay kasama ang mga kasamahan niya sa Masjid ng Propeta,Dumating ang isang Arabo [Naninirahan sa Disyerto],at umihi siya sa isang sulok ng Masjid,Inaakala niya na ito ay tulad ng sakahan.Kaya`t malaking [problima]ang ginawa niya para sa mga kasamahan ng Propeta,dahil sa kadakilaan ng baal na Masjid.Itinaboy nila ito sa oras ng pag-iihi niya,Ngunit ang nagmamay-ari ng mataas na antas ng pag-uugali,na siyang ipinadala para sa paghahatid ng magandang balita at pagpapagaan [sa mga ipinag-utos sa relihiyon],ay pinagbawalan sila sa pagtataboy nila sa kanya,dahil sa alam niya ang kaugalian ng mga Arabo [Naninirahan sa Disyerto],upang hindi marumihan ng talsik ang karamihan sa [lugar] ng Masjid,at upang hindi tumama sa kanya ang pinsala dahil sa pagpapahinto sa kanya sa pag-ihi,at nang maging magaan [para sa kanya] ang pagtanggap sa mga Payo at Pangaral kapag tinuruan siya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,At ipinag-utos niya sa kanila na linisin ang lugar na inihian niya,sa pamamagitan ng pagbuhos gamit ng tabo ng tubig rito.